International Journal for Multidisciplinary Research (IJFMR)
E-ISSN: 2582-2160 ● Website: www.ijfmr.com ● Email: editor@ijfmr.com

# Karanasan Ng Mga Mag-Aaral Sa Pagsulat Ng Sanaysay Sa Filipino

**Ms. Mary Claire C. Cabahug[1], Ms. Lady Maires S. Ocampos[2], Mr. Jeonard L. Tuastomban[3], Mrs. Lovelie B. Centino[5]**

[1,2]Education, Face to face
[3,4]Teacher, Education, Face to Face

**PAGKILALA**
Ang mga mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa Poong Maykapal na walang sawang gumabay, nagkaloob ng biyaya at lakas ng loob sa mananaliksik na maisagawa ang pag-aaral na ito.
Kay Dr. Genelyn R. Baluyos, ang Dekano ng College of Education, para sa kanyang mga rekomendasyon at gabay upang maging matagumpay ang pananaliksik na ito.
Kay Gng. Leizel Joy C. Dabalos, ang tagapayo, sa kanyang suporta, gabay, mungkahi, at probisyon na naging matagumpay sa tesis na ito. Malaking tulong ang pagbabahagi sa kanyang kaalaman sa pagsusuri ng datos.
Kay G. Joenard L. Tuastomban, sa kanyang matapat na pagtulong, pagbibigay ng mahahalagang komento, pagbibigay sigla at tibay ng loob sa mananaliksik upang gawin ang pag-aaral na ito.
Kay Gng. Sydel D. Compo, sa kanyang pagbibigay suporta, at mahalagang komento at motibasyon.
Sa mga kalahok, ang kanilang tapat na suporta, pakikipagtulungan at oras upang ibigay sa may-akda ang lahat ng kinakailangang impormasyon.
At higit sa lahat, sa aming pamilya, kaibigan, espesyal na tao para sa pagmamahal, moral na suporta, at inspirasyon upang mapanatili ang mananaliksik sa pagkamit ng kanyang layunin.

**PAGHAHANDOG**
Ang aklat na ito ay taos-puso naming inaalay
sa Poong Maykapal na nagbibigay ng kaalaman at karunungan;
ang aming minamahal na mga magulang, para sa kanilang moral na suporta,
inspirasyon, at pag-unawa upang maaabot ang lahat ng aming mga pangarap;
sa aming mga kaibigan at kaklase, para sa laging pagsama, panghihikayat, at
pag-unawa upang maging matagumpay ang pag-aaral na ito.

***Mary Claire & Lady Maires***

**ABSTRAK**
Ang pagsulat ng sanaysay sa Filipino ay mahalagang kasanayan sa edukasyon. Ito'y tumutulong sa mga mag-aaral na maipahayag nang malinaw ang kanilang ideya, damdamin, at opinyon. Layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang mga personal na karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino, at matukoy ang mga paraan sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino sa panuruan 2023-2024. Gumamit ng kwalitatibong pamamaraan ang mga mananaliksik gamit ang *phenomenological*

na desinyo. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay labingdalawa (12) na mag-aaral mula sa baiting 7 hanggang 10 ng *Junior High School Department* na pinili gamit ang *purposive sampling*. Gumamit ng gabay na katanungan na sariling gawa ang mga mananaliksik sa panayam. Ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng *face-to-face interview* sa mga kalahok. Ang datos ay sinuri gamit ang pamamaraan ni Moustaka. Ang pag-aaral na ito ay nagbunga ng sumusunod na tema hingil sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino: (1) Nagpapalawak ng kaisispan; (2) Naging daan sa Pagpapahayag ng saloobin; (3) Paggamit ng Karansan sa Buhay bilang Inspirasyon sa Pagsulat ng Sanaysay; (4) Nahihirapan sa Paggamit ng Wikang Filipino; mga pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino: (1) Regular na Pagsasanay; (2) Pagbabalangkas sa Pagsulat ng Sanaysay sa wikang Filipino. Ang mga mag-aaral ay may ibat ibang kinakaharap na karanasan sa pagsulat ng sanaysay, ngunit nagkaroon naman ng mga positibong karanasan at nakatulong ito sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino, maaaring mapabuti pa ang mga karanasan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kanilang mga kaalaman, bokabularyo at paggamit ng mga salita sa Filipino. Para sa susunod na mananaliksik, iminungkahi na magsagawa ng masusing pag-aaral hinggil sa pagpapalawak at pagpapalalim ng kasanayan sa pagsulat gamit ang wikang Filipino.
*Mga masusing salita: bokabularyo, gramatika, kahirapan, pagpapalawak ng kaisipan, pagpapahayag ng saloobin, wikang Filipino*

**Kabanata 1**
**PANIMULA**

Ang pagsulat ng isang sanaysay ay isang paraan sa pagpapahayag ng opinyon, saloobin o ideya ng isang tao. Ang pagsulat ng isang sanaysay ay nagiging daan upang maipapahayag ang opinyon, saloobin o ideya ng isang tao, ito ay isang malayang pagpapahayag ng malayang pag-iisip (Johnson, 2023). Ito ay nagpapahintulot upang maipabatid ang kaisipan na hindi kayang ipahatid sa pasalitang pamamaraan. Ang sanaysay ay isang uri ng sulatin na nagpapahayag ng sariling opinyon, kaisipan, o damdamin tungkol sa isang partikular na paksa (Literatus & Orobia, 2024). Maaring gawing inspirasyon sa pagsulat ng isang sanaysay ang personal na karanasan ng isang tao upang mas maging makabuluhan ito.

Sa henerasyon ngayon, maraming mga mag-aaral ang kakikitaan ng positibo at negatibong karanasan sa pagsulat ng sanaysay. Isa sa positibong karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay ay nakapag-iisip ng kritikal ang mga mag-aaral na nagiging daan upang mapalawak ang kanilang kaalaman ukol sa isang bagay (Imaniah, 2022). Sa pamamagitan ng pagsulat ay napapayabong ng mga mag-aaral ang kanilang kaisipan, bokabularyo at marami pang iba. Kabaliktaran naman ito sa pag-aaral na isinagawa ni Gaddi et al., (2024), may kahinaan ang mga mag-aaral sa larangan ng pagsulat ng sanaysay dahil gindi gaanong maalam ang mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino. Ito ay sinang-ayunan ni Saldagan (2023) na nagsasabi na maraming mga mag-aaral na may problema sa Filipino ay kulang sa lantad sa wika.

Ang pagsulat ng sanaysay ay maraming benepisyo, isa na rito ay ang pagpapayabong sa kaalaman. Ito ay sinuportahan ng isang pag-aaral na isinagawa sa isang unibersidad sa Yogarta, ang pagsulat ay napapayabong ang bokabularo, kasanayan sa wika at nakatutulong na maipahayag ang sariling saloobin, opiniyon o kaiisipan ng isang mag-aaral (Putri, 2019). Sa isang pag-aaral na isinagawa sa isang unibersidad ng Indonesia, napag-alaman na ang mga mag-aaral ay nahihirapan kahit na tinalakay na ang mga konsepto ukol rito (Kurniawan & Listyani, 2021). Sinang -ayunan naman ito sa pag-aaral na isinagawa nina Abrar et al., (2022) sa UK, ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagsulat dahil sa mga

salik katulad na lamang ng pagtukoy sa paksa, teknikal na pagsulat, pagkabagot o kawalan ng interes at iba pa.

Ang pagsulat ng sanaysay ay nagiging paksa ng ibat-ibang pag-aaral dahil sa mahalagang papel nito sa paglinang ng kanilang kakayahang magpahayag ng ideya at saloobin gayundin sa paghubog ng kanilang kasanayang pang -akademiko (Santos, 2018). Sa pagsulat ng sanaysay, ito ay nangangailangan ng masusing pag-iisip at dapat na isa ala-alang ang mga alituntunin upang makabuo ng epektibong sanaysay tulad ng pagkakaroon ng maliwan na paksa at lohikal na daloy ng ideya (Cruz, 2019). Ang pagsulat ay isa ring paraan ng pakikipagkomunikasyon, layuning maihayag ang saloobin hinggil sa usapin at ideyang makapagbibigay ng karunungan, sapagkat hindi maikakaila na mayroong ugnayan ang pagsulat at ang pag-iisip (Gloria, 2021). Ang pagsulat ay isa sa mga mahalagang makrong kasanayang dapat taglayin ng isang indibiduwal sapagkat ito ang pundasyon ng pagkatuto at dito nagsisimula ang pagkuha ng mga kaalaman mula sa pinakasimple hanggang sa pinakakomplikadong impormasyon (Abaigar et.,al 2024).

Sa pilipinas maraming mga mag- aaral ang nagbabahagi ng positibo at negatibong karanasan sa pagsulat ng sanaysay, nagbibigay daan ito upang maipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga pananaw, ideya at damdamin (Santos, 2018). Ang antas sa kahusayan at hamon sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino ay may kaakibat na mga suliranin o isyu batay sa pandaigdigang wika. Ayon kay Saldagan (2021), maraming mga mag-aaral na may problema sa Filipino ay kulang sa lantad sa wika. Kakulangan sa kaalaman at ang pagsunod sa mga dapat isa alang-alang upang makabuo ng isang sanaysay ang ganitong pag-aaral ay maaring mag bigay ng mas praktikal at naaangkop na payo sa pagsulat ng sanaysay (Barlaan, 2020).

Mahalaga pagtuunan ng pansin at pag-aaral ang Wikang Filipino sa loob at labas ng silid-aralan. Kailangan payabungin ang pagtuturo ng Filipino upang maging inspirasyon at gabay sa mas malalim na pag-unawa at pagpapaunlad ng Wikang Filipino sa sistema ng edukasyon (Saldaga, 2023). Ang kakulangan sa kaalaman sa Wikang Filipino ay isa sa mga pangunahing isyu sa edukasyon ngayon, na maaaring maging hadlang sa tagumpay sa larangan ng edukasyon (Reyes, 2023).

Sa Misamis University Ozamiz City, naobserbahan ng mga mananaliksik na ang mga mag-aaral sa Sekundarya ay nahihirapan sa pagsusulat ng sanaysay sa Filipino. Ninanais ng mga mananaliksik na matukoy ang mga karanasang kinakaharap ng mga mag-aaral sa sekundarya sa pagsusulat ng sanaysay gamit ang lenggwaheng Filipino. Isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang mga karanasan na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng sanaysay sa Filipino.

**Teoritikal na Balangkas**

Ang mga sumusunod ay mga teorya na pangunahing pinagbabatayan ng pag-aaral na ito: Teoryang *Progressivism* John Dewey (1993), Teoryang Konstruktibismo Jean Piaget (1980).

Ang Teoryang *Progressivism* ni John Dewey, 1993 ay naniniwala na ang bawat mag-aaral, ay natututo dahil sa kanilang pang- araw - araw na karanasan. Dito, ang bawat aralin ay dapat angkop sa mga istudyante kung saan magagamit nila ito sa pang araw-araw na buhay. Ito ay dapat naiayon sa pangangailangan, interes, karanasan, at kakayahan ng mga mag-aaral. Ang mga guro sa pilosopiyang ito ay dapat gumawa ng mga aralin kung saan makukuha ang interes ng mga mag-aaral at magagamit nila ito sa kanilang pang- araw- araw. Ang pang- araw- araw na gawain ay nakatutulong upang ang isang mag-aaral ay matuto. Ang karanasan ng isang mag-aaral ay isang paraan upang mahubog ito.

Ang pilosopiyang ito ayon kay John Dewey, naniniwala siya na mas matutu ang mga mag-aaral kung sila mismo ang gagawa ng mga proyekto, takdang aralin at kung sila mismo ang nakararanas ng mga gawain.

Dahil dito, mas naiintindihan nang mabuti ng mga mag-aaral ang aralin at mas madaling matandaaan at magamit sa buhay. Ayon sa kanya, mas mainam kung ang mga mag-aaral mismo ang mag-isip at gagawa ng mga solusyon sa mga problema kaysa sa mga pagsaulo lamang ng mga aralin.

Ang pagsulat ay isang mahalagang kasanayan na dumadaan sa iba't ibang yugto, at hindi basta-basta natatapos sa isang upuan. Binigyang diin ni Dominggo, (2014) ang pagsulat bilang isang proseso na hindi natatapos sa isang upuan kundi nahahati sa iba't ibang yugto. Itinuturing ito isa sa pinakakomplikadong kasanayang dapat matutuhan ng mga mag-aaral sapagkat habang nagsusulat, natutuhan din nila kung paano mag eksperimento gamit ang wika. Dahil sa ganitong kalikasan ng pagsulat, kailangan iparanas sa mga mag-aaral ang *process approach* na nababasi sa teoryang *progressivism*. Na binubuo ito dapat naiayon sa pangangailangan, interes, karanasan, at kakayahan ng mga mag-aaral.

Sumakatuwid, mas mabisa ang pagkatuto sa pagsulat ng sanaysay kung ang mga mag-aaral ay bibigyan ng sapat na panahon para magsulat. Ito ay binatay sa teoryang *progressivism*, ang mga pagsasanay sa klase ay magiging katulad ng mga pagsasanay sa buhay. Ang mga gawin sa klase ay maaaring maging pang grupong gawin. Naaangkop ito na mabigyan ng kasangkapan at ispasyo makakatulong sa mas mabilis at epiktibong paglinang ng kasanaysa sa pagsulat ng sanaysay. Roxas (2019). Ayon kay Dumagit, (2021), ang pagsulat ng sanaysay ay hindi lamang isang sampling paraan ng pagsasalin ng wika sa pasulat na simbolo ito ay isang proseso ng pag-iisip. Ito ay nangangailangan ng intelektwal na pagsisikap na dapat mapanatili sa isang takdang panahon. Sapagkat ang kabisaan sa wika ay hindi sapat upang hindi mapadali ang pagsulat ng sanaysay bagkos dapat ang progresitivismong kasanayan. Ayon ditto, ang mga mag-aaral ay nakakaranas ng mataas na yugto ng pag-iisip, gaya ng isang computer na nagsasaliksik na angkop na ideya na angkop sa paksang sinusulat na sanaysay. Sa artikolo ni Keh (1990) ipinahahayag niya na ang proseso ng dulog sa pagsulat ng sanaysay ay nangangailangn ng mga maraming hakbang mula sa paglikha ng ideya at ang kasanayan sa pagbuo ng isang magandang sanaysay.

Nakabatay ang pananaliksik na ito sa teoryang *Progressivism* dahil nauugnay sa paksa ang paraan ng mga guro na magkaroon ng interesado at magagamit sa buhay ng mga mag-aaral. Ang pagsasanay sa klase ay magiging katulad ng mga pagsasanay sa buhay. Sa pamamagitan nito maiuunlad sa bawat aspekto ng buhay hindi lamang sa akademiko ito ay paniniwala at pagpapahalaga sa bawat mag-aaral, ang mga pagbabago at pag-unlad ay mahalaga sa pag-aaral. Dito, ang bawat aralin ay dapat angkop kung saan magagamit sa pang araw-araw na buhay. Ito ay dapat na aayon sa pangangailangan, interes, at kakayahan.

Ang teoryang Konstruktibismo Jean Piaget (1980) ay isang diskarte sa pag-aaral na pumahawak na ang mga tao ay aktibong nagtatayo o gumawa ng kanilang sariling kaalaman at ang katutuhanan ay natutukoy ng mga karanasang ng nag-aaral (Eliot et al., 2000). Ayon sa teoryang ito, nagkakaroon ng pagkakatuto ang tao at gumawa ng kabuluhan. Batay sa kanyang mga karanasan. Naipamamalas ito sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng toun sa mag-aaral. Nagkakaroun siya ng mga bagong pagkatoto at ang mga tanong ng guro at ang kanyang malikhaing paraan. Sa pananaw na ito pinaniniwalaan na aktibong lumilikha ng bagong kaalaman ang mga tao habang nakikipag ugnayan sila sa kanilang kapaligiran. Inihahambing ang lahat ng mabasa, makita, marinig, maramdama, at madama mo sa dati mong alam, at kung makabuluhan ito sa iyong pahkaisipang daigdig, ay maaaring bumou ng bagong kaalaman sa iyong kaisipan.

Ayon kay Baltazar (2005), ang pagbasa ay instrumento sa pagkatuto ng mga kaalaman batay sa ibat-ibang aspektong pamumuhay ng mga mag-aaral malaking tulong sa kasanayan sa pagsusulat ang kasanayan sa pagbabasa nagagawa nitong paghusayin ang kakayahan na gumawa o sumulat ng isang sanaysay gamit ang pamaraan ng kaalaman. Lumalawak ang pag-unawa at ang mga karanasan, ang teoryang

konstruktibismo ay nagpapahayag ng aktibong lumilikha ng bagong kaalam ang mga tao habang nakikipag ugnayan sila sa kanilang kapaligiran.

Ang pagsulat ay isa sa mga kasanayan na dapat malinang ng isang indibidwal. Mahalaga ang pagsulat dahil ito ay tinatawag na lundayan ng lahat ng iniisip, nadarama, nilalayon at pinapangarap ng tao, hindi man kayang ipadama ang nais sabihin sa isang tao ngunit maaari naman itong gawin sa pagsulat. Batay sa ginawang pananaliksik ni Lazaro (2004). Ayon Kay San Juan, (2008) sinabi niya na ang pagsulat ay may sining. Ito ay tumutukoy sa maayos, malinaw at wastong pagpapahayag ng kaisipang may pakinabang. Ang masining na pagsusulat ng sanaysay ay hindi lamang nakakalibang kundi nagpapayaman din ng kaalaman ng mambabasa. Ang Teoryang konstruktibismo ay isang diskarte sa pag-aaral na pumahawak na ang mga tao ay aktibong nagtatayo o gumawa ng kanilang sariling kaalaman at ang katutuhanan ay natutukoy ng mga karanasan ng nag-aaral

Nakabatay ang pananaliksik na ito sa teoryang Konstruktibismo dahil mahalaga sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Halimbawa na lamang sa pagsusulat ng iba't-ibang kwentong pampanitikan, o anumang uri ng sanaysay na nilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral makapag-isip ng may pag-unawa upang makabuo ng makabuluhang repleksyon mula sa nabasa, naiuugnay din nila ang kanilang mga dating karanasan kung kaya ay mas madaling nauunawaan at higit na naiintindihan ang sanaysay. Sa pamamagitan ng teoryang konstruktibismo, napauunlad ang kasanayang interaksyon sa pagkat nilalayon ng teoryang ito na magkakaroun ng aktibong partisipasyon sa ibat-ibang uri ng akademikong gawain. Iniasahan din malilinang ang kritikal na pag-iisip at naiuugnay nila ang kanilang ang karanasa sa mga araling tinatalakay.

**Konseptuwal na Balangkas**

Ang karansan ng mga mag-aaral ay nahahati sa dalawa; positibo at negatibo sa pag-aaral na ito, natukoy ng mga mananaliksik na iilan sa karanasan sa pagsulat ng sanaysay ay naging makabuluhan habang iilan naman ay humarap sa isang hamon. Natukoy rin ng mga mananaliksik ang mga paraan sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa filipino.

Sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay ay napapalawak nito ang sariling kaalaman ng isang mag-aaral. Natututo ang mag-aaral na magsaliksik, mag-analisa, at mag-organisa ng mga ideya, na nagdudulot ng mas malalim na pag-unawa sa mga paksa at konsepto. Ang pag-iisip, pakikipag-usap, at pagsulat tungkol sa kanilang mga akda ay nakatutulong sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang kamalayan sa sarili, kaalaman sa estruktura ng tekstong impormatibo, at kasanayan sa regulasyon ng sarili (Mejia, 2024). Sa pamamagitang ng pagsulat ay napapayabog nito ang kaalaman sa mga bagay bagay. Para sa mga kabataan, ang pagsulat ng sanaysay sa wikang filipino ay nagbibigay daan sa kanila upang hindi lang mapayabong ang kanilang kaalaman pati na rin maipahayag ang kanilang mga saloobin o paniwala (Balallo et al., 2023). Karagdagan, sa pagsulat ng sanaysay ay nanaging daan sa pagpapahayag ng saloobin. Sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataon na ilahad ang kanilang mga ideya at damdamin, na tumutulong sa kanilang personal na paglago at pagpapalawak ng pananaw. Sa pagsulat ng sanaysay, naipapahayag ng manunulat ang kanyang damdamin at paniniwala sa isang organisadong paraan, na nagpapakita ng kahalagahan ng Filipino bilang wika ng komunikasyon at pakikipag-ugnayan (Navarro, 2013). Sa pagsulat ng sanaysay ay hindi lamang ito isang paraan ng pagpapahayag, kundi isang mabisang gamit ng Filipino sa pagpapalalim ng ugnayan at pag-unawa sa isa't isa.

Higit pa rito,upang mas makabuluhan ang pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral ay ginagamit nila ang kanilang mga karanasan sa buhay bilang inspirasyon sa pagsulat ng sanaysay. Ang paggamit ng mga

personal na karanasan bilang inspirasyon sa pagsulat ng sanaysay ay nagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa mga ideyang ipinapahayag ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsulat batay sa personal na inspirasyon, matututo ang mga mag-aaral na makita ang kanilang akda bilang bahagi ng mas malawak na kultural na konteksto at may likas na halaga (May, 2021). Ang mga karanasan sa buhay ay nagiging pangunahing inspirasyon sa pagbuo ng mga makabuluhang sanaysay na may personal na pag-ugnay at emosyon (Aler, 2024).


Isa sa mga negatibong karanasan ng mga mag-aaral ay dahil sa kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino. Ang kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino ay nagiging hadlang sa mga mag-aaral upang maipahayag ng maayos ang kanilang mga ideya at saloobin sa pagsulat. Ang limitadong bokabularyo ay nagpapahirap sa kanila na maiparating nang maayos ang kanilang mga ideya at pagsusuri, kaya't naaapektohan ang kalidad ng kanilang pagsulat ng sanaysay (Torzar, 2021). Dahil sa kahirapan sa wika, nawawala ang kumpiyansa ng mga mag-aaral na humingi ng tulong, kaya't nahihirapan silang mapabuti ang kanilang pagkatuto (Ranque, 2024).

Ang pangalawang layunin na natutukoy ang mga paraan sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino ay sumasaklaw sa dalawang tema; Regular na pagsasanay sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino, Pagbabalangkas sa pagsusulat ng sanayasay sa wikang Filipino, Pagpapalawak ng Isip,

Ang regular na pagsasanay ay naglalayong mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat, pag-unawa, at pag-aanalisa. Ipinakita sa pag-aaral na ang regular na pagsasanay sa pagsulat ay nakakatulong sa pag-unlad ng kasanayan sa gramatika, balarila, at organisasyon ng mga ideya (Mendoza, 2015). Ang madalas na pagsusulat ay nagpapalawak ng kaisipan at imahinasyon ng mga mag-aaral. Ang pagsusulat ng sanaysay ay nagiging daan upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa iba't ibang paksa (Santos, 2017). Ang pagsusulat ng sanaysay ay nagiging epektibong paraan upang malinang ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Ang pag-aanalisa ng mga paksa at pagbibigay ng sariling opinyon ay humuhubog sa kanilang kakayahan na mag-isip nang malalim (Dela Cruz, 2016). Natuklasan sa pag-aaral na ang regular na pagsasanay sa pagsulat ay nagtataguyod ng kasanayan sa komunikasyon. Ang pagsasanay ay nagpapahusay sa kakayahan ng mga mag-aaral na maipahayag nang malinaw at epektibo ang kanilang mga ideya (Reyes, 2019).

Ang pagbabalangkas o pagbuo ng isang sanaysay ay isang mahalagang kasanayan sa pagsulat na dapat malinang, lalo na sa konteksto ng edukasyon sa Pilipinas. Ang pagkakaroon ng maayos na balangkas ay nakatutulong upang maging organisado at malinaw ang pagpapahayag ng mga ideya. Ang pag-aaral ng pagbabalangkas

Ang pagpapalawak ng isip ay proseso ng pagpapalawak at pagpapalalim ng ating kakayahan sa pag-iisip, kasanayan sa paglutas ng mga problema, at kahandaan sa pagtanggap ng mga bagong ideya at kaalaman. Isa sa mga pinakamahusay na paraan upang madagdagan ang bokabularyo at mapabuti ang mga kakayahan sa wika ay sa pamamagitan ng pagbabasa. Nakukuha ng mga kabataang indibidwal ang tamang paggamit ng mga salita sa iba't ibang *setting* sa pamamagitan ng pagkakalantad sa iba't ibang teksto at uri ng salita (Castillo et.,al 2024)




**Pigura 1. Iskematik Dayagram ng Pag-aaral**

**Layunin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga Karanasan ng mga Mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino sa Misamis University. Ang pag-aaral na ito ay sinagot ang mga sumusunod na mga layunin:

a. Natutukoy ang mga personal na karansan sa pagsulat ng Sanaysay sa wikang Filipino.
b. Natutukoy ang mga paraan sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino.

## Kabanata 2
## PAMAMARAAN

**Pamamaraang Ginamit**

Ginamit ng pag-aaral ang kwalitatibong pamamaraan. Ito ay disenyo ng pag-aaral na naglalayong umintindi sa pananaw ng tao sa mundong kanyang ginagalawan mula sa karansan nito na akma sa layunin ng pananaliksik na ito. Ito ay isang phenomenological na disenyo. Ang phenomenological ay inilarawan bilang isang kamalayan ng tao na nauugnay sa kung ano ang napapansin, narararamdaman, at nalalaman mula sa karanasan ng isang tao (Moustakas, 1994). Upang masuri ang mga datos, ito ay sumusunod sa transcendental phenomenology ni Moustaka. Sa pamamaraan na ito, natukoy ng mananaliksik ang mga karanasang kinakaharap sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino ng mga mag-aaral.

**Pananaliksik na Pangkapaligiran**
Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa isa sa paaralan sa lungsod ng Ozamiz City. Isang ISO 9001:2015 Management System Certified na ipinagkaloob ng Det Norske Veritas-Germanischer Lloyd Business Assurance. Ang Basic Education Department ay ginawaran ng Level II accreditation ng PACUCOA (Philippine Association of Colleges and Universities Commission on Accreditation).

**Pinanggalingan ng Datos**
Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay labingdalawang (12) mag-aaral sa Baitang 7, Baitang 8, Baitang 9 at Baitang 10 sa Misamis University. Ang mga kalahok ay pinili sa pamamagitan ng *Purposive sampling* galing sa 4 na Baitang: Apat (4) sa Baitang 7, Dalawa (2) Baitang 8, Apat (4) sa Baitang 9, at Dalawa (2) sa Baitang 10. Ibinatay sa krayterya na; una (1) mga mag-aaral sa Sekundarya na may karanasang kinakaharap sa Asignaturang Filipino ng Pamantasan ng Misamis, SY 2022-2023, dalawa (2) mga mag-aaral sa Sekundarya na inirekomenda ng guro na mahina sa asignaturang Filipino at tatlo (3) mga mag-aaral na nagbigay ng pahintulot na maging bahagi ng pag-aaral na ito.

**Instrumentong Ginamit sa Pagtitipon ng mga Datos**
Ginamit ng pag-aaral na ito ang sumusunod na instrumento sa pananaliksik: A. Talatanungan sa Mga Karanasang ng mga mag-aaral sa pagsulat ng Sanaysay sa Filipino. Ang mga kalahok na mag-aaral ay makakapanayam tungkol sa mga kinakaharap na hamon sa asignaturang Filipino.

**Pagtitipon ng mga Datos**
Bago ang panayam at pagtitipon ng mga datos, ang mga mananaliksik ay humingi muna ng permiso mula sa punong guro ng Basic Education Misamis University, Ozamiz City para sa pagsasagawa ng pag-aaral. Ang paglahok ay hihingin mula sa mga guro ng Filipino kung sino sa kanilang mga mag-aaral ang may kinakaharap na hamon sa asignaturang Filipino. Ang gabay na katanungan na sariling gawa ng mga mananaliksik ang ginamit upang makakuha ng datos sa mga hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang panayam ay ginamitan ng isang *interview protocol* ang sinunod sa pagtitipon ng datos. Ang mga tanong ay *open-ended, core, at close-ended*. Ang mga tala sa obserbasyon ng mananaliksik sa panayam ay kinolekta at isinali sa nakalap na datos. Ang mga tugon ng mga kalahok ay isinaayos gamit ang *HyperRESEARCH software* upang mabuo ang mga tema. Ang mga tema ay sinuri ng mga mananaliksik.

**Etikal na Konsiderasyon**
Ang mga kalahok sa pananaliksik ay hindi idadaan sa malalim na patakaran na maaaring makapinsala sa anumang paraan. Ang paggalang sa dignidad ng mga kalahok sa pananaliksik ay binigyang prioridad. Ang paghingi nang pahintulot ay nakuha mula sa mga kalahok bago ang pagsasagawa sa pag-aaral. Ang mga kalahok ay pinili at ang mga pangalan ay hindi maitatala sa alinman sa mga material na gagamitin sa pangangalap ng datos. Ang mga talaan ng pag-aaral na ito ay mananatiling pribado at kumpedensyal. Sa anumang uri ng ulat na maaaring mailimbag, walang impormasyon ang isasama na maging possible upang makilala ang mga mananaliksik. Ang anumang uri ng komunikasyon na may kinalaman sa pananaliksik ay tinatapos sa katapatan at anumang uri ng nakalikito na impormasyon pati na rin bilang representasyon ng mga natuklasan na datos sa isang pinapanigang paraan ay iniwasan.

**Pag-aanalisa ng Datos**
Sa pag-aaral na ito gagamitin ang pamamaraan ni Moustaka sa pag-aanalisa ng datos. Pagkatapos mabasa ang tugon ng pangalawang beses para masuri ng mananaliksik ang datos, ang lahat ng ito ay babasahin muli upang matukoy ang konsepto na mahalaga sa pananaliksik. Pagkatapos ng inisyal na pagsusuri, ang mga sumusunod na hakbang ay susundin
Ang *Horizontalization* ay isinagawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na halaga sa bawat tugon at pagbibigay ng detalyadong paglalarawan. Ang susunod na hakbang ay ang pag-alis ng mga tugon na hindi nauugnay sa mga hadlang. Ang prosesong ito ay kinabibilangan ng pagtatanong kung ang mga tugon ba ay mahalaga para sa pag-unawa sa mga hamon o kung maaari silang i-label. *Clustering*, ang mga tugon ay *i-cluster* o *i-collect,* at ang bawat kategorya ay magkakaroon ng tema. Hanggang sa makabuo ang mga kategorya ng isang tema tungkol sa hamon sa asignaturang Filipino, ang hakbang na ito ay uulitin. Ang huling hakbang ay ang muling pagbasa sa mga paksa upang matiyak na ang mga ito ay naaayon sa mga tugon na ibinigay ng mga kalahok. Ang mga temang ito ay gagamitin upang makabuo ng mga indibidwal at pangkalahatang deskripsiyon ng tekstural, istruktural, at tekstural-istruktural na mahalagang bahagi ng pag-aaral.

**Kabanata 3**
**RESULTA AT DISKUSYON**
Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa sekondarya sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino at tukuyin ang mga paraan sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Ang mga nakuhang datos sa pananaliksik ay mula sa mag-aaral sa sekondarya sa Misamis University. Ang mananaliksik ay kumukuha ng labing dalawang mag-aaral sa sekondarya. Natuklasan ng pag-aaral na ito na nahahati sa dalawa ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay: positibo at negatibong karanasan. Ang pag-aaral na ito ay nagbunga ng sumusunod na tema: (1) Napapalawak ang Sariling Kaalaman, (2) Naging daan sa Pagpapahayag ng Saloobin, (3) Nahirapan sa Paggamit ng Wikang Filipino (4) Paggamit ng mga Karanasan sa Buhay bilang Inspirasyon sa Pagsulat ng Sanaysay.
**A. Karanasan sa Pagsulat ng Sanaysayq**
Ang layunin ng pag-aaral na ito ay natutukoy ang mga personal na karanasan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino. Tinalakay nito ang mahahalagang tema tungkol sa Napapalawak ang Sariling Kaalaman, Naging daan sa Pagpapahayag ng Saloobin, Nahirapan sa Paggamit ng Wikang Filipino, Paggamit ng mga Karanasan sa Buhay bilang Inspirasyon sa Pagsulat ng Sanaysay.
**Tema 1: Nagpapalawak ang Sariling Kaalaman**
Ang pagsusulat ng sanaysay ay isa sa mga pangunahing pamamaraan sa pagpapalawak ng sariling kaalaman, isang mahalagang aspeto ng personal na pag-unlad at intelektwal na paglago. Hindi lamang ito isang kasanayang pampanitikan, kundi isa rin itong mabisang paraan upang mapayabong ang sariling kaalaman. Narito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.
*"Ang kabuuang karanasan sa pagsulat ng sanaysay ay isang proseso ng pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsusulat , pagpapalawak ng kaalaman at pag papalakas ng kakayahan sa pagpapahayag"(P1)*
*"Magsanay sa paggawa ng sanaysay at maging malawak ang pag-iisip"(P2)*
*"Natutukoy ko ang aking sarili bilang isang manunulat ng sanaysayay malawak ang aking malawak ang aking kaalaman sa pagsulat nito"(P8)*
*"Isa pang mahalagang karanasan sa pagsulat ng sanaysay ay ang pag-unlad ng kakayahang mabigyan empatiya atpag-unawa sa iba't ibang pananaw. Sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay, tayo ay*

*hinahamon na suriin at palawakin ang ating kaalaman sa ibat't ibang perkspektibo at karanasan ng mga tao sa ibat' ibang isyu" (P6)*

*"Ang aking karanasan sa pagsulat ng sanaysay ay sa prosesong puno ng pagkatuto at paglago. Ang pinakamahalagang bagay ko na natutunan mula sa karanasang ito ay kahalagahan ng malalim sa pagunawa sa paksa at kakayahang ipahayag ito sa pamamagitan ng mahusay na pagsusulat"(P7)*

Ang pagsulat ng sanaysay ay isang pangunahing kasanayan sa wika na kritikal sa pag-unlad ng mga mag-aaral Filipino. Sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay ay mapapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral. (Castillo & Hernandez, 2024). Ang pumukaw ng malawak na interes ay ang mungkahi na mayroong kaalaman sa pagsusulat ng sanysay. Ang patuloy na pag-apila ng kuru-kuro sa pedagohikal na nilalaman ay tulay kaalaman (Serrano, 2022). Napapalawak ang kaalaman at bokabularyo ng mga mag-aaral sa pormal na wikang Filipino ng sa gayon ay makatulong ito upang mas mapayabong pa ang nasabing wika at maanalisa ang antas ng katanggapan ng kagamitang ito (Palomo, 2024). Sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay ay napapalago nito ang ating kakayahan sa malalim na pag-iisip, pagsusuri, at pagpapahayag ng mga ideya.

Sa modernong panahon, lahat ay patuloy na nagbabago, maraming mga mag-aaral ay may pananaw na ang pagsulat ng sanaysay ay nagpapayabong sa kanilang kaisipan dahil ito ay isang epektibong paraan upang maipahayag ang kanilang mga opinyon, magsuri ng mga isyu, at maglatag ng mga solusyon, na nagbubukas ng mas malalim na pag-unawa at kritikal na pag-iisip sa iba't ibang aspeto ng buhay. Sa bawat pagsulat ng sanaysay, nahahasa ang kakayahan ng mag-aaral na mag-isip nang kritikal at magsagawa ng masusing pagsusuri ng mga impormasyon. Sa ganitong paraan, hindi lamang nila napapalawak ang kanilang kaalaman, kundi nahahasa rin nila ang kanilang kasanayan sa pagbuo ng mga matibay na argumento at sa mas malalim na pag-unawa sa iba't ibang pananaw ukol sa mga isyu sa lipunan.

**Tema 2: Naging daan sa Pagpapahayag ng Saloobin**

Ang pagsusulat ng sanaysay ay isang makapangyarihang pamamaraan upang maipahayag ang sariling kaisipan at pananaw. Ito ay hindi lamang isang simpleng gawain, kundi isang pagkakataon upang malayang maipahayag ang mga ideya at damdamin sa isang organisado at kapani-paniwalang paraan. Sa pamamagitan ng pagsusulat, ang mga konsepto ay nagiging mas malinaw at epektibong naipapahayag, na nagdudulot ng personal na kasiyahan at katuparan. Narito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

*"Ang aking positibong karanasan sa pagsulat ng isang sanaysay ang mga maipahayag ko ang aking damdamin at pagkakaroon ng aking sariling opinyo"(P5)*

*"Isa sa mga positibong karanasan ko sa pagsulat ng sanaysay ay pagkakaroon ng pagkakatoong ipahayag ang aking mga saloobin at opinyon sa organisadong paraan nagdudulot ito ng kagalakan sa akin kapag nakakagawa ako ng malinaw at nakakakombinsing mga ideya"(P7)*

*"Ang positibo kong mga nagawa sa isang sanaysay ay ang pagpapahayag ng aking saloobin at damdamin" (P12)*

*"Ang positibong karanasan ko sa pagsulat ng isang sanaysay ay ang maihayag ang aking damdamin o saloobin upang Maganda ang kalabasan ng sanaysay ko"(P11)*

Ang pagsulat ng sanaysay ay hindi lamang isang teknikal na gawain ito rin ay isang malikhaing proseso na nagpapahayag ng saloobin at pananaw ng may-akda. Sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay, nagkakaroon ang manunulat ng pagkakataon na maipahayag ang kanyang mga damdamin at paniniwala sa isang organisadong paraan. Inayos sa kronolohikal na paraan, pinatutunayan ng mga sanaysay na magagamit ang Filipino bilang wika ng pagpapahayag ng damdamin at pakikipag-ugnayan sa kapwa

(Navarro, 2013). Ang bawat damdamin na inihahayag sa sanaysay ay nagsisilbing gabay upang maiparating ang mensahe sa paraang makabuluhan at mapanlikha (Javier, 2020). Ang pagpapahayag ng damdamin ay nagbibigay ng malalim na koneksyon sa pagitan ng manunulat at ng kanyang mga mambabasa. Sa pamamagitan ng paglalagay ng sariling damdamin sa sanaysay, nagiging mas makulay at mas buhay ang mga salita, na nagbibigay-daan upang ang mga mambabasa ay makisama at maka-relate sa mga ideya at karanasan na ibinabahagi ng manunulat (Arguelles, 2023).

Ang pagsulat ng sanaysay ay isang pamamaraan upang maipahayag ang mga saloobin; nagbibigay-daan ito sa mga mag-aaral upang ilarawan ang kanilang pananaw at damdamin sa isang malikhain at mapanlikhang paraan. Karamihan sa mga mag-aaral ay naipapahayag ang kanilang saloobin sa pamamagitan ng pagsulat, dahil ang pagsulat ng sanaysay ay isang epektibong paraan upang maibahagi ang kanilang sariling pananaw at ipahayag ang kanilang mga damdamin sa masusing paraan. Bukod dito, ito rin ay nagiging pagkakataon upang mapalalim ang kanilang pag-unawa at pagsusuri sa mga isyung panlipunan at kultural.

**Tema 3: Paggamit ng mga Karanasan sa Buhay bilang Inspirasyon sa Pagsulat ng Sanaysay**

Sa pagsusulat ng sanaysay, isa sa mga pinakamahalagang sangkap upang magtagumpay ay ang personal na koneksyon ng manunulat sa kanyang paksa. Ang paggamit ng mga karanasan sa buhay bilang inspirasyon ay nagbibigay daan upang maging mas personal at makatotohanang ang bawat salita at ideya na maihahayag. Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng sariling karanasan, nagkakaroon ng puwang ang sanaysay na magdala ng damdamin at inspirasyon sa mga mambabasa. Ito ang magbubukas ng pinto patungo sa paglalakbay ng mga kaisipan at emosyon na nakaugat sa katotohanang buhay ng manunulat. . Narito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

*"Kumukuha ako ng inspirasyon sa pagsulat ng sanaysay sa pamamagitan ng aking mga karanasan sa buhay" (P4)*

*"Ang mga bagay na nagbibigay inspirasyon sa pagsulat ng sanaysay ay ang aking mga karanasan sa buhay" (P7)*

*"Minsan kong mga naging inspirasyon ang aking buhay sa pagsulat ng sanaysay" (P8)*

*"Ang aking mga karanasan sa buhay ang naging inspirasyon ko" (P10)*

*"Ang nagbibigay sa aking ng inspirasyon ay ang mga mahalagang tao sa aking buhay" (P11)*

*"Ang kadalasan nagbibigay sa akin ng inspirasyon sa akin sa paggawa ng isang sanaysay ay ang aking pamilya at ang mga pagyayari sa aking paligid na kailangan pagtuonan ng pansin'(P12)*

Ang pagsusulat ng sanaysay ay nagiging mas makulay at mas malalim kapag ito ay ibinatay sa sariling karanasan na nagiging daan sa masining at masusing pagpapahayag ng mga ideya. Ang mga karanasan sa buhay ay nagiging pangunahing inspirasyon sa pagsusulat ng sanaysay, nagbibigay ng personal na karanasan at malalim na emosyon sa bawat salita at konsepto na isinusulat (Balderian, 2024). Ang proseso ng pagsusulat ay hindi lamang pagbuo ng mga talata at pangungusap kundi paglalakbay din sa mga alaala at pagkakataon na nagbigay-kulay at saysay sa buhay ng manunulat (Hernandez, 2022). Ang mga karanasan sa buhay ay nagiging pangunahing inspirasyon sa pagbuo ng mga makabuluhang sanaysay na may personal na pag-ugnay at emosyon (Aler, 2024).

Ang paggamit ng sariling karanasan sa buhay bilang inspirasyon ay nagbibigay hindi lamang ng lalim at personal na kaugnayan sa paksa kundi nagpapalakas din ng damdamin at pagnanais na maiparating ang totoong karanasan sa mga mambabasa. Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga pribadong karanasan, lumalabas ang tunay na pagkakilanlan ng manunulat, naglalagay ng buhay sa mga salita at nagbibigay ng kahulugan sa bawat pangungusap na maitatala. Dahil sa pamamagitan ng ating mga karanasan sa buhay

ay mas madali tayong makakabuo ng sanaysay mula sa ating ginamit na mga karanasan natin sa ating buhay.

**Tema 4: Kahirapan sa Paggamit ng Wikang Filipino**

Sa pagsulat ng sanaysay, kalimitan sa mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagsulat ng sanaysay gamit ang wikang Filipino dahil limitado lamang ang kanilang bokabularyo ukol rito. Ang kakulangan sa malawak na kaalaman sa mga pormal na salita ay nagiging hadlang sa kanilang pagpapahayag ng mga ideya nang malinaw. Ang hindi sapat na *exposure* sa mga akdang pampanitikan at pormal na pagsulat ay nagpapahirap sa kanila na magbuo ng mga argumentong may lalim. Bukod dito, ang impluwensya ng banyagang wika ay nagdudulot ng paglimos ng kasanayan sa Filipino.

*"Mayroon akong mga paghihirap sa pagsulat ng sanaysay at paggamit ng mga wika"(P6)*

*“Ang mga karanasan ko sa pagsulat ng sanaysay ay ang paghihirap na gumamit ng mga malalalim na salita at hindi nakakaisip ng mga salita o pangungusap para sa sanaysay”(P7)*

*“Nahihirapan ako kung paano gamitin ang mga wika”(P8)*

*“Ang unang problemang kinakaharap ko habang sumusulat ng sanaysay ay ang gramatika”(P6)*

*“Nahihirapan akong sumulat ng sanaysay kung paano ito buohin at kung paano magsisimula”(P12)*

*“Ang pagsulat ng mahusay na sanaysay ay nakaimposible para sa akin”(P4)*

*“Nahihirapan ako kung paano bumuo ng isang sanaysay na nasa aking isipan”(P4)*

Karamihan sa mga mag-aaral kahit na sa pribado at pampublikong paaaralan ay nahihirapan sa paggamit at pag-intindi ng wikang Filipino. Bumaba ang kasanayan at kaalaman ng mga kabataan sa paggamit ng wikang Filipino dahil sa impluwensiya ng teknolohiya at media, mas piniling matuto at gumamit ng wikang Ingles (Aquilon, 2020). Ang limitadong bokabularyo ay nagpapahirap sa kanila na maiparating nang maayos ang kanilang mga ideya at pagsusuri, kaya’t naaapektohan ang kalidad ng kanilang pagsulat ng sanaysay (Torzar, 2021). Sa pagsulat kinakailangan ng sapat na kaalaman ukol sa wika dahil nagpapahinutulot ito na maipahayag ng mas organisado ang saloobin. Ang wika ay isang kamangha-manghang *phenomenon* na may layuning higit pa sa pagpapadali ng komunikasyon, dahil ito rin ay ginagamit upang magpahayag ng mga ideya, emosyon, at kultura (Mustafa, A 2023).

Ang mga mag-aaral ay nakakaranas ng iba't ibang uri ng paghihirap sa pagsulat ng sanaysay, maraming mag-aaral ang nahihirapan sa tamang paggamit ng wika at gramatika na nagpapakita ng kanilang pangangailangan para sa mas malalim na pag-unawa sa mga tuntunin ng wika at wastong paggamit nito. Ang kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsulat ng sanaysay ay maaaring dulot ng kakulangan sa bokabularyo at estruktura ng pangungusap. Isa din problema ng mga mag-aaral ang paggamit ng tamang gramatika at pagbuo ng malalim na pangungusap sa wikang Filipino. Bukod pa rito, mahirap ding maipahayag ang mga kaisipan at konsepto nang maayos gamit ang wikang Filipino lalo na sa mas teknikal na mga larangan.

**B. Pagpapabuti ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay sa Filipino**

Ang pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino ay nagbibigay daan upang mas maipahayag natin ang ating mga sarili ng mas mahusay at epektibo. Ito rin ay nagsisilbing paraan upang mahasa ang ating kritikal na pag-iisip, mapalawak ang ating imahinasyon, at mapalalim ang ating pag-unawa.

**Tema 1: Regular na Pagsasanay**

Ang sanaysay ay isang makapangyarihang anyo ng pagsulat na nagbibigay-daan upang maipahayag ang mga saloobin, opinyon, at karanasan ng isang tao. Sa pamamagitan ng sanaysay, maaaring maiparating ng

may-akda ang kanyang damdamin at pananaw sa iba't ibang paksa, mula sa personal na karanasan hanggang sa mga isyung panlipunan. Dahil dito, mahalaga ang regular na pagsasanay sa pagsulat ng sanaysay upang mapahusay ang kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino at mapalawak ang kakayahan sa malinaw at mabisang komunikasyon.

*"Magsanay sa paggawa ng sanaysay at maging malawak ang pag-iisip (P2)"*

*"Ang rekomendasyon ko sa kanila ay magsulat sila sanaysay hanggang sila ay masanay sa pagsulat nito (P9)"*

*"Ang mapapayo ko sa kanila ay magsanay sila sa paggamit ng salitang Filipino upang mapabuti ang pagsulat nila nito (P9)"*

Nagbigay ng mahalagang kontribusyon sa pag-unawa sa kahalagahan ng regular na pagsasanay sa pagsulat ng sanaysay sa edukasyon. Ang mga benepisyong ito ay hindi lamang nakatutulong sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral kundi pati na rin sa kanilang personal na paglago at paghubog bilang kritikal at malikhaing indibidwal. Ang kanilang pag-aaral ay isang paalala na ang patuloy na pagsasanay at paghubog sa kasanayan sa pagsusulat ay mahalaga para sa tagumpay sa iba't ibang aspeto ng buhay (Doria at Conui, 2020). Ang mahalagang papel ng regular na pagsasanay sa pagsulat ng sanaysay sa pagpapaunlad ng kakayahang akademiko at personal ng mga mag-aaral (Noval, 2024). Ang regular na pagsasanay sa pagsulat ng sanaysay ay may malaking kontribusyon sa pagpapataas ng kasanayan sa wikang Filipino. Sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pagsulat, natututo ang mga mag-aaral ng tamang gramatika, wastong pagbaybay, at paggamit ng angkop na mga ekspresyon (Villanueva, 2021).

Ang regular na pagsasanay sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino ay isang mahalagang hakbang tungo sa paghubog ng isang epektibo at mahusay na manunulat. Sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pag-eensayo, natututo ang mga mag-aaral na magpahayag nang malinaw, mag-isip nang kritikal, at maging malikhain sa kanilang mga pagsusulat, na mga kasanayang mahalaga sa kanilang pag-unlad bilang indibidwal at miyembro ng lipunan.

**Tema 2: Paggawa ng Balangkas**

Ang pagsusulat ng sanaysay ay isang masining at kritikal na gawain na nangangailangan ng malinaw na pag-iisip at organisasyon ng mga ideya. Sa wikang Filipino, ang sanaysay ay nagsisilbing daluyan ng ating mga saloobin, opinyon, at karanasan, kaya't mahalagang ito'y maipahayag nang maayos at lohikal. Upang makamit ito, ang pagbabalangkas ay isang pangunahing paraan par hindi kaligtaan.

*"Ito ay pagpaplano o outlining bago simulan ang aktual na pag-sulat. Sa pamamagitan nang pagpaplano , maari mong maayos na I organisa ang iyong mga ideya at argumento bago ka magsimula sa pagsusulat (P1)"*

*"Masusing pagpaplano at pagbabalangkas bago magsimula sa pagsulat. Binigyang daan nito ayusin ang akong ideya at argumento bago isalin ang mga ito sa teksto, na nagpapahayag ng mga konsepto nang mas epektibo (P7)"*

*"Ang karagdagang hakbang na isama ko sa proseso ay ang pagbibigay ng oras at pagpaplano sa paggawa nito upang mas matuunan pa ang paggawa nito at mas mabigyan tayo ng malawakang pag-aaral tungkol nito (P12)"*

Ang pagsusulat ng sanaysay ay isang masining at kritikal na gawain na nangangailangan ng malinaw na pag-iisip at organisasyon ng mga ideya. Sa wikang Filipino, ang sanaysay ay nagsisilbing daluyan ng ating mga saloobin, opinyon, at karanasan, kaya't mahalagang ito'y maipahayag nang maayos at lohikaL (De Jesus, 2023). Ang pagbabalangkas sa pagsusulat ng sanaysay sa wikang Filipino ay isang kritikal na kasanayan na nagbibigay-daan sa mas mahusay at mas epektibong paglalahad ng mga ideya. Sa

pamamagitan ng masusing pagpaplano at organisasyon ng mga bahagi ng sanaysay, nagiging mas malinaw, lohikal, at magkakaugnay ang mga kaisipan, na nagreresulta sa isang makabuluhan at kapana-panabik na teksto para sa mambabasa. . Ang pagkakaroon ng balangkas ay nagsisilbing gabay upang maiwasan ang pagkalito at pagkakalat ng mga ideya sa kabuuan ng sanaysay. (Gloria, 2021). Ang pagbabalangkas sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino ay isang mahalagang proseso na naglalayong mapabuti ang kalidad ng pagsusulat sa pamamagitan ng maayos at lohikal na pag-aayos ng mga ideya. Ang pagbabalangkas ay tumutulong sa manunulat na makabuo ng isang malinaw na istruktura ng sanaysay, na nagreresulta sa isang mas epektibong paraan ng pagpapahayag ng mga saloobin at argumento (Estera at Janer, 2022).

Ang pagbabalangkas o outlining ay isang kritikal na hakbang sa proseso ng pagsusulat ng sanaysay sa Filipino. Ito ay pagpaplano bago simulan ang aktuwal na pagsusulat, na nagbibigay-daan sa manunulat na maayos na i-organisa ang mga ideya at argumento bago isalin ang mga ito sa teksto. Sa pamamagitan ng masusing pagpaplano at pagbabalangkas bago magsimula sa pagsusulat, binibigyang-daan ang mas sistematisadong pag-aaral ng mga ideya at argumento bago ang aktuwal na paglalahad sa sanaysay. Ito ay nagpapahayag ng mga konsepto nang mas epektibo at malinaw. Sa pagtutok sa proseso ng pagbabalangkas bago ang pagsusulat ng sanaysay sa Filipino, nagiging mas malinaw ang landas ng pagsusulat at mas nagiging epektibo ang paghahatid ng mensahe sa mambabasa. Ito ay nagbibigay-daan sa mas sistematikong pag-aaral at mas malalim na pag-unawa sa bawat aspeto ng paksa.

## Kabanata 4
## BUOD, MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON
### Buod

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino. Ito ay isang qwalitatibong pag-aaral na gumamit ng case study na disenyo. Labing dalawa ang lumahok sap ag-aaral na ito na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Ang mga mag-aaral ay kinapanayam gamit ang gabay na katanungan na sariling gawa ng mga mananaliksik. Ang panayam ang isinagawa sa pamamagitan ng harapang panayam gamit ang *voice recorder*. Upang makuha ang result amula sa nakuhang mga datos ito ay isinuri gamit ang *horizontalization* at *clustering* ni Moustaka. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng isang *qualitative statistical software* na tinatawag na *HyperRESEARCH* upang supportahan ang pagsulat ng datos.

### Mga Natuklasan

Batay sa mga datos na nakuha, natuklasan ng mga mananaliksik ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino.

1. Ang mga naging personal na karanasan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino ay ang pagpapalawak ng sariling kaisipan, pagpapahayag ng saloobin, paggamit ng karanasan sa buhay bilang inspirasyon sa pagsulat ng sanaysay at kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino dahil sa pamamagitan ng personal na karanasan ay mapayabong ng mag-aaral ang kanilang kaisipan.
2. Ang pagsulat ng sanaysay ay isang paraan sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino katulad ng regular na pagsasanay sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino, pagbabalangkas sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino at pagpapalawak ng isip nagsisilbi itong paraan upang mapaunlad ang kaisipan ng mga mag-aaral.

**Konklusyon**

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, narito ang mga konklusyon:

1. Ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino, batay sa mga personal na karanasan, ay mahalagang paraan upang mapalawak ang sariling kaisipan at maipahayag ang saloobin. Sa pamamagitan ng paggamit ng sariling karanasan bilang inspirasyon, nagiging mas malalim at makatotohanan ang nilalaman ng sanaysay. Bagamat maaaring magkaroon ng kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino, ang mga pagsubok na ito ay nagiging daan upang mas mapayabong ng mag-aaral ang kanilang kaisipan at kakayahan sa pagsulat.
2. Ang pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino ay maaaring makamit sa pamamagitan ng regular na pagsasanay, maayos na pagbabalangkas, at pagpapalawak ng isip. Ang mga pamamaraang ito ay epektibong paraan upang mapaunlad ang kaisipan at kakayahan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsulat. Sa tulong ng patuloy na pagsasanay at tamang pag-organisa ng mga ideya, nagiging mas epektibo at malikhain ang kanilang mga sanaysay.

**Rekomendasyon**

1. Ang mga mag-aaral ay maaaring magsanay sa pamamagitan ng pagsulat ng mga sanaysay upang mapalawak ang kanilang kaisipan at maging bihasa.
2. Ang mga guro ay maaaring magbigay ng mga karagdagang aktibidad tulad ng mga *essay writing* nang sagon ay mas maging mahasa sila sa pagsulat ng mga sanaysay.
3. Para sa mga paaralan hikayatin ang mga mag-aaral na dumalo sa regular na pagsasanay sa pagsulat ng sanaysay upang mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino.
4. Ang mga magulang ang siyang sumusuporta sa kanilang mga anak a magiging gabay sa pag-aaral ng kanilang mga anak.
5. Ang mga sususnod na mananaliksik ay maaaring magsagawa ng qualitatibong pananaliksik tungkol sa mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino hindi lamang nakatuon sa sanaysay pati narin sa ibat ibang salik ng sulatin sa Filipino.

**Appendix A**

**Gabay na Katanungan sa Panayam**

Bago magsimula ang panayam, ipauunawasa mga kalahok ang mga sumusunod:

1. Ang gagawing panayam ay gagawin sa pamamagitan ng *voice record*
2. Ang mga identidad ng mga kalahok sa sarbey na ito ay mananatiling kumpidesyal sa buong panahon ng pag-aaral
3. Ang mga kalahok ay binibigyang Kalayaan na huminto sa panayam anumang oras.

**Opening Questions:**

1. Ano ang iyong pangalan at anong grade ka na?
2. Paano mo natutukoy ang iyong sarili bilang isang manunulat ng sanaysay? Ano ang iyong karanasan sa pagsulat ng sanaysay?

**Core Questions:**

1. Ano ang mga bagay na nagbibigay inspirasyon sa iyo sa pagsulat ng isang sanaysay?
2. Ano-ano ang iyong mga kailangan gawin upang makabuo ng isang sanaysay?
3. Paano mo sinisimulan ang proseso ng pagsulat ng sanaysay? Maari mo bang ilarawan ang iyong karanasan mula sa simula hanggang sa pagtatapos?

4. Ano ang mga bagay na karaniwang nagiging inspirasyon mo sa pagpili ng paksa para sa iyong sanaysay?
5. Paano mo ginugol ang iyong oras sa pagsulat ng sanaysay? Mayroon ka bang mga tiyak na hakbang na sinusunod sa proseso?
6. Sa iyong karanasan, ano ang mga pangunahing hamon na iyong hinaharap sa pagsulat ng sanaysay? Paano mo ito nilalabanan?
7. Ano ang mga positibong karanasan mo sa pagsulat ng sanaysay? Mayroon ka bang mga tagumpay o mga bagay na ikinatuwa mo sa proseso?
8. Paano mo maipapaliwanag ang kabuuang karanasan mo sa pagsulat ng sanaysay? Ano ang pinakamahalagang bagay na natutunan mo mula sa karanasang ito?
9. Ano ang iyong mga rekomendasyon para sa mga mag-aaral na nagnanais na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay?
10. Sa iyong palagay, kung mayroon mang pagbabago o karagdagang hakbang na dapat isama sa proseso ng pagsulat ng sanaysay, ano ito at bakit?
11. Mayroon ka bang iba pang mga karanasan o obserbasyon na nais mong idagdag sa aming pag-aaral tungkol sa karanasan sa pagsulat ng sanaysay?

**Closing Question**

1. Ano ang iyong mga nagging hakbang sa pagpapabuti ng iyong kasanayan at karanasansa pagsulat ng isang sanaysay?
2. Ano ang iyong mapapayo sa mga mag-aaral na nahihirapan sumulat ng sanaysay sa Filipino?

**APPENDIX B**

**Transkiption ng Panayam**

**A. Opening Question**

**1.Ano ang inyong pangalan at anong grade ka na?**

P1. Ako si Shannel Loyrane S. Gac-ang at ako ay Grade 7
P2. Ako si Princess Heart S. Ovillo, Grade 7
P3. Ako si Renzo Yusef, Grade 7
P4. Venus Guangco, Grade 7
P5. Ako si Karah Angeli P. Lugagay, ako ay nasa ika-8 na baiting
P6. Ako si Gillian Erquita, Grade 8
P7. Ang aking pangalan ay si Sahara Merced M. Abamonga at ako ay nasa baiting 9
P8. Chelsa Zeke Maydel P. Nunez Grade 9
P9. Ako si Aliyah Jeanne Salvador at ako ay nasa baitang 9
P10. Andreille Clarin, Grade 9
P11. Ako si Lorraine P. Evangelista ako ay nasa baitang 10
P12. Shania Pabatao, ako ay nasa baitang 10

**2. Paano mo natutukoy ang iyong sarili bilang isang manunulat ng sanaysay? Ano ang iyong karanasan sa pagsulat ng sanaysay?**

P1. Sa tingin ko lang po ay open-minded po ako bilang isang manunulat. Nakikita ko lang ang pagsulat ng sanaysay sa aking sarilli po. Nakikita ko ang aking buong potensyal sa pagsulat ng sanaysay.

P2. Isa akong mapanuri at may malawak na pag-iisip, minsan ay mahirap o hindi kaya'y madali kong nakukuha ang mga impormasyong hinahanap ko.
P3. Upang mawala ang pagkabagot ay kailangan may pagkakaabalahan.
P4. Sumusulat ako paminsan-minsan ng isang sanaysay para sa aking mga takdang aralin, may mga oras din na nasisiyahan ako mag sulat ng sanaysay. Hindi ko rin masabi na magaling ako sa pagsulat ng sanaysay ngunit gusto ko pang matoto kung paano gumawa ng isang mahusay na sanaysay at kasalukuyan kong nag-e-explore ng mga bagong salita upang mas mapalawak pa ang aking bokabolaryo.
P5. Masasabi kong isa akong manunulat ng sanaysay dahil gusto kong sumulat ng sanaysay. Sa aking mga karanasan sa pagsulat ng sanaysay kapag sinasagot ko ang sanaysay sa likod ng aking sagutang papel.
P6. Kinakausap ko ang aking sarili upang mas maintindihan ko kung paano sumulat ng isang sanaysay sa aking sariling kintindihan. Mayroon akong mga paghihirap sa pagsulat ng sanaysay at paggamit ng mga wika.
P7. Natutukoy ko ang aking sarili bilang isang manunulat ng sanaysay sa pamamagitan ng may kaalaman sa pagsulat ng sanaysay. Ang mga karanasan ko sa pagsulat ng sanaysay ay ang paghihirap na gumamit ng mga malalim na salita at hindi at hindi nakakaisip ng mga salita o pangungusap para sa sanaysay.
P8. Natutukoy ko ang aking sarili bilang isang manunulat ng sanaysay ay malawak ang aking kaalaman sa pagsulat nito at ang mga karanasan ko sa pagsulat ng sanaysay ay nahihirapan ako kong paano gamitin ang mga wika.
P9. Natutukoy ko ang aking sarili bilang isang di masyadong marunong na manunulat dahil nahihirapan ako sa pagsulat nito.
P10. Natutukoy ko aking sarili bilang isang manunulat ng sanaysay sa pamamagitan ng paglikha ng mga ibat ibang imahinasyon ko , at sa pagbuo ko nito ay marami akong karanasan kagaya ng mga hakbang kung paano ko ito ipagsusunod-sunod upang maganda at mahusay ang aking sanaysay.
P11. Sa pamamagitan ng pagbuo ng mga iba't ibang bagay sa aking isipan.
P12. Natutukoy ko ang aking sarili bilang isang manunulat ng sanaysay sa pagbuo ng sanaysay galing sa aking malikhaing isipan at depende rin sa binasang akda at nire-reflect ko ang mga pangyayari sa pamamagitan ng paggawa ng isang sanaysay.

**B. Core Question**

**1. Ano ang mga bagay na nagbibigay ng inspirasyon sa iyo sa pagsulat ng sanaysay?**

P1. Mga inspirasyon ay ang mga pelikula.
P2. Mga inspirasyon sa pagsulat ay karanasan sa buhay.
P3. Ang aking inspirasyon sa pagsulat ng sanaysay ay ang aking kinabukasan dahil ito ang nagbibigay sa akin ng motibasyon upang ipagpatuloy ang aking kahusayan sa edukasyon.
P4. Kumukuha ako ng inspirasyon sa pagsulat ng sanaysay sa pamamagitan ng aking mga karanasan sa buhay.
P5. Ang mga bagay na nagbibigay inspirasyon sa pagsulat ko ng sanaysay ay ang aking mga naranasan sa buhay.
P6. Ang mga bagay na nagbibigay inspirasyon sa aking sa pagsulat ng isang sanaysay ay ang aking mga marka.
P7. Ang mga bagay na nagbibigay inspirasyon sa aking pagsulat ng isang sanaysay ay sa pamamagitan ng panonood ng mga inspirisyonal na videos kung paano sumulat.
P8. Minsan kong naging inspirasyon ang aking buhay sa pagsulat ng sanaysay.
P9. Nagbibigay inspirasyon sa akin ang mga bagay sa aking paligid sa pagsulat ng sanaysay.

P10. Ang aking mga karanasan sa buhay ang naging inspirasyon ko .
P11. Ang nagbibigay sa akin ng inspirasyon ay ang mga mahalagang tao sa aking buhay.
P12. Ang kadalasan nagbibigay inspirasyon sa akin sa paggawa ng isang sanaysay ay ang aking pamilya at ang mga pangyayari sa aking paligid na kinakailangan pagtuonan ng pansin.

**2. Ano- ano ang iyong mga kailangan gawin upang makabuo sa isang sanaysay?**

P2. Ang aking kailangan kung gawin upang makabuo ng isang sanaysay ay pag-aaralan ang gusto kung isulat at kumukuha ng ideya sa mga pangungusap.
P3. Mga talata, inspirasyon talaga kung ano man ang pumapasok sa isip ko.
P4. Opinyon, upang makasulat ng isang sanaysay dapat mo munang malaman kung ano ang gusto mong isulat o kung anong paksa ang nais mong maging sanaysay.
P5. Ang mga kailangan kong gawin para makabuo ng isang sanaysay ay ang pag-iisip ng maayos at pagsulat ng maayos sa mga salita kong gagamitan.
P6. Ang mga bagay na kailangan kong gawin upang makagawa ng isang sanaysay ay mag-isip ng isang paksa, lumikha ng isang format at ipakita ang aking mga ideya.
P7. ang mag kailangan kong gawin para makabuo ng isang sanaysay ay paggawa o paghahanap ng mga supporting source sa online platform, pagkatapos ay ang pag-iisip ng mga pangungusap.
P8.Kailangan kong pag-isipan depende sa paksa na kailang namin gawan ng sanaysay.
P9.
P10. Ang kailangan kong gawin upang makabuo ng isang sanaysay ay ang pag iisip kung paano ko ito mabubuo.
P11.
P12. Ang kailangan kong gawin upang makabuo ng isang sanaysay ay mag palawakin ang aking isipan sa pamamagitan ng pagbabasa at pagsasaliksik**.**

**3. Paano mo sinimulan ang proseso ng pagsusulat ng sanaysay? Maaari mo bang ilarawan ang iyong karansan mula sa simula hanggang sa pagkatapos?**

P1. Sinisimulan ko ang pagsulat ng sanaysay sa pamamagitan ng basahin nang mabuti ang mga tanong at pagkatapos ay isulat lamang kung ano ang naunawaan ko kasama ng mga tanong. Sa palagay ko lang po ay mas effective po kasi kung unawain po ninyo nang mabuti ang tanong at pagkatapos ay isulat ang naunawaan base sa tanong. kasi kong hindi po nauunawaan ang tanong, may posibilidad po na iba po yung sagot sa tanong. so malalarawan ko po mas magaling po kapag uunawain po ninyo muna abago po sagutin ang tanong.
P2. Tatlong (3) hakbang sa pagsulat ng sanaysay. Una, pagpili ng paksa o ideya. Pangalawa, pagsulat ng tatlong salita at tatlong tanong. Pangatlo, pagsulat ng solusyon.
P3. Para simulan ang pagsulat ay kailangan mo ng ballpen of course tapos pag-aralan ang paksa.
P4. Tatanggapin ko muna ang paksa, pagkatapos ay gagawa ako ng sanaysay, at sa paggawa nito ay isinusulat ko kung ano ang nararamdaman ko/nais kong ipahayag
P6. Sisimulan ko ang proseso ng pagsulat ng sanaysay sa pamamagitan ng pag-uulit ng tanong at sisimulan ko ang pagsagot sa maliliit na detalye, at oo maaari kong ilarawan ang sanaysay mula simula hanggang wakas.
P7. Sisimulan ko ang proseso sa pagsulat ng sanaysay, una kong gagawin ay magbou ng malinaw na layunin o paksa, sinusuri ko ang mga impormasyon na may kinalaman sa paksa at panghuli ay gumawa ako ng balangkas upang organisahan ang mga impormasyon para sa pagsulat ng sanaysay. ang karanasan

ko sa pagsulat ng sanaysay ay natagumpay ako sa pagpili ng paksa at sinisikap kong palawakin ang mga takdang impormasyon na nabuo ko para ito kapani-paniwalan.
P9. Masisimulan ko ang proseso sa pamamagitan ng pagpili ng paksa.
P10. Sinimulan ko ito sa pamamagitan ng pag pili ng isang paksa.
P11. Sinimulan ko ito sa pamamagitan ng pagpili ng magandang paksa.
P12. sinisimulan ko ang pagsusulat ng isang sanaysay sa pamamagitan ng pag-iisip ng isang paksa sa aking isusulat kong saan ito patutungkol at oo nahihirapan akong bumuo nito dahil hindi ako masyodo marunong mag constract ng isang sanaysay.

4. **Ano ang mga bagay na karaniwang nagiging inspirasyon mo sa pagpili ng paksa para sa iyong sanaysay?**

P1. Tulad po sa aking sagot sa number 3, libro po. Mas nakakatulong kasi ang libro dahil mapahusay nito ang iyong bokabularyo at nagbibigay din ito ng mga bagong ideya.
P2. Ito ay naaayon sa sarili kong karanasan at mga kasalukuyang pangyayari sa aking paligid.
P3. Pamilya at akademiks
P4. Karanasan sa buhay at akademiks
P5. Ang mga bagay na naging inspirasyon ko sa pagpili ng isang sanaysay ay mga paksa sa social media na trending.
P6. Ang mga bagay na naging inspirasyon ko sa pagpili ng paksa ng sanaysay ay mga katotohanan at video.
P7.Ito ay naaayon sa sarili kong karanasan at mga kasalukuyang pangyayari sa aking paligid.
P8. Ang aking pamilya.
P9. Ang karaniwang inspirasyon ko ay ang mga bagay na nahahambing ko sa aking sariling buhay.
P10. Ang karaniwang inspirasyon ko ay ang mga karanasan ko sa buhay .
P11. Karaniwang inspirasyon ko ay ang mga magagandang naganap sa aking buhay.
P12. Ang karaniwang mga inspirasyon ko sa pagpili ng isang sanaysay ay mga pangyayari sa aking paligid na aking nararanasan.

5. **Paano mo ginugol ang iyong oras sa pagsulat ng sanaysay? Mayroon ka bang mga tiyak na hakbang na sinusunod sa proseso?**

P1. Ginugol ko ang aking oras kapag may vacant po ako, pero kapag ang lesson namin ay nangangailangan ng isang sanaysay na gawain ngayon, siguro po aking tapusin agad. Wala naman po akong sinusundan na proseso kung ano lang po ang nasa isip, ko yan lang po ang aking isusulat.
P2. Sa pamamagitan ng paglilibang ko sa aking sarili sa mga bagay na nakatutulong sa akin upang makagawa ng sanaysay, oo
P3. Kung may oras ako o ilagay na lang sa schedule ko
P4. Wala talaga akong schedule sa pagsusulat ng sanaysay at wala akong agenda na dapat sundin. Nagsusulat lang ako tuwing nakakakuha ako ng inspirasyon, kadalasan nagsisimula akong magsulat kapag nalulungkot ako, dahil nakakatulong ito sa akin na magpahayag ng aking damdamin, at ang pagsulat ng sanaysay ay isang coping mechanism
P5. Ginagamit ko ang oras ko sa pagsusulat ng sanaysay sa breaktime ko
P6. Ginagamit ko ang aking oras sa pagsulat ng isang sanaysay sa pamamagitan ng pagsulat sa isang sheet ng papel (mahahalagang detalye) at pagkatapos ay isipin kung anong grammar ang dapat kong gamitin, at oo mayroon akong mga hakbang na dapat sundin sa pagsulat ng isang sanaysay

P7. Ginagamit ko ang aking oras sa pagsulat ng sanaysay sa pamamagitan ng paglaan ng oras kung kailan ako tututok nang eksklusibo sa pagsusulat, tinatanggal ko ang mga distraksyon sa pamamagitan ng aking sariling mga paraan at makapa-focus sa pananaliksik at pag-aayos ng teksto upang matiyak na tama, maayos at kumpleto ang sanaysay na nagawa ko.
P9. Binibigyan ko ng sapat na oras at didikasyon ang pagsulat ng sanaysay at wala akong tiyak na hakbang na sinusunod.
P10. Naglalaan talaga ako ng oras upang makabuo ako ng mahusay na sanaysay.
P11. Ginawa ko ito sa pamamagitan ng paglalaan ko ng oras upang mabuo ko at maganda ang kinalabasan ng aking sanaysay.
P12. Ginugugol ko ang aking oras sa paggawa ng isang sanaysay sa pamamagitan ng paglalaan ng oras nito

6. **Sa iyong karanasan, ano ang mga pangunahing hamon na iyong hinaharap sa pagsulat ng sanaysay? Paano mo ito nilalabanan?**

P1. Siguro po, kapag ang mga tanong minsan ay mahirap, ang mga tanong ay nalilito at hindi ko maintindihan pero nilalaban ko ang ganitong hamon sa pamamagitan ng intindihin ng mas mahusay.
P2. Kung ang isang impormasyon o tanong ay hindi madaling makuha o hindi kaya ay hindi ko pa ito nararanasan, sa pamamagitan ng paggamit na makabagong teknolohiya sa pagkuha ng impormasyon.
P3.Upang labanan ang katamaran.
P4. Walang maisulat at darating na ang takdang petsa at hindi pa rin ako nakakalahati. May mga pagkakataon na lubos kong naiintindihan ang paksa ngunit wala akong maisulat sa aking walang laman na papel, kinakaya ko ito sa pamamagitan ng paghinga at upang hindi ma-pressure ang aking sarili.
P5. Sa aking naranasan, ang mag pangunahin hamon na aking hinaharap sa pagsulat ng sanaysay ay ang pagsisimula sa pag-sulat ng mga takdang-aralin at madali ako magambala sa mga gawain sa pagsulat.
P6. Sa aking karanasan, ang unang problemang kinakaharap ko habang sumusulat ng sanaysay ay ang gramatika.
P7. isa sa mga pangunahing hamon ko sa pagsulat ng sanaysay ay ang pagbou ng mga malalim at makabuluhang argumento na susuportahan ang pahayag. Upang malabanan ko ang hamon na ito ay sinubukan kung mag research at pagrereview ang aking sanaysay o susulatin at pagsaayos ng aking pagsulat. upang kapani-paniwala ito at na susuportahan ang aking sanaysay.
P8. Para sa akin ang hamon ko ay ang pagkatamarin, lalabanan ko ito sa pagpupursigi.
P9. Ang pangunahing hamon ko ay ang paghahanap ng paksa para sa aking sanaysay at nilalabanan ko ito sa pamamagitan ng pagkuha ng ideya sa aking paligid o karanasan.
P10. Ang unang hamon sa pagsulat ng isang sanaysay ay ang pagpili ng paksa dahil kinakailangan sa pagpili nito ay mag kadogtong kang mga karanasan mo upang mas mapapanatili mo na konektado ang ginawa mong sanaysay sa kasalokuyang panahon.
P11. Ilan sa mga hamon na aking nararanasan ay ang pagpili ng paksa upang makabuo ng sanaysay.
P12. Siguro po, kapag ang mga tanong minsan ay mahirap, ang mga tanong ay nalilito at hindi ko maintindihan pero nilalaban ko ang ganitong hamon sa pamamagitan ng intindihin ng mas mahusay.

7. **Ano ang mga positibong karanasan mo sa pagsulat ng sanaysay? Mayroon ka bang mga tagumpay o mga bagay na ikinatuwa mo sa proseso.**

P1. Oo, maraming positibong karanasan sa pagsulat ng sanaysay. Narito ang mga Ilan: Paggawa ng sariling Boses, Pag- unlad ng Analytical Skills, Pagpapalawak ng kaalaman.
P2. Nakukuha ko kaagad ang mga impormasyon na hinahanap ko, Oo

P4. Pagsulat ko ng Sanaysay sa exam at makakuha ng malaking marka.
P5.Ang aking positibong karanasan sa pagsusulat ng isang sanaysay ay ang maipahayag ko ang aking damdamin at pagkakaroon ng aking sariling opiniyon at, una ay mahirap talaga magsulat ng isang sanaysay dahil hindi pa tayo marunong kung ano ang dapat natin gawin ngunit, sa ngayon ay masasanay na ako sa pagsusulat dahil meron na akong karanasan. Oo, maraming akong kasiyahan sa proseso ng pagsulat ng sanaysay ang ilan ay maaaring hindi perpekto at ang ilan ay maaaring nabigo ngunit nalulugod pa rin ako sa mga resulta.
P6. Ang mga positibong bagay na naranasan ko habang nagsusulat ng sanaysay ay kapag madali kong naisulat ang sanaysay nang walang anumang problema at oo may mga bagay ng ang aking mga saloobin at opinyon sa organisadong paraan. nagdudulot ito ng kagalakan sa akin kapag nakakagawa ako ng malinaw at nakakumbinsi na mga ideya. oo naabot ko ang aking mga layunin sa pagsulat, tulad ng pakikipag-usap ng mga ideya at pag-elaborate at paggawa ng mga ito na makabuluhan.
P8. Oo.
P9. Wala.
P10. Ang positibong karanasan ko sa pagsulat ng sanaysay ay ang magandang kinakalabasan nito o ang output mo kung paano mo ito binuo.
P11. Ang positibong karanasan ko sa pagsulat ng sanaysay ay ang makabuo ako ng magandang sanaysay.
P12. Ang positibo kong mga nagawa sa isang sanaysay ay ang pagpapahayag ng aking saloobin at damdamin.

8. **Paano mo maipapaliwanag ang kabuuang karanasan mo sa pagsulat ng sanaysay? Ano ang pinakamahalagang bagay na natutunan mo mula sa karanasang ito?**

P1. Ang kabuuang karanasan sa pagsulat ng sanaysay ay isang proseso ng pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsusulat, pagpapalawak ng kaaalaman at pagpapalakas ng kakayahan sa pagpapahayag. Sa pamamagitan ng pagbuo at paglalahad ng mga argumento at ideya sa isang oraganisadong paraa, natututo tayo na mag-analisa, mag-isip nang malalim, at magpahayag ng ating sariling pananaw.
P2. Magsanay sa paggawa ng sanaysay at maging malawak ang pag-iisip.
P3. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng positibong pag-iisip, maging mapanuri sa pagpili ng paksa at pagkuha ng impormasyon sa naaayon sa paksa.
P4. Mula sa aking mga karanasan, natutunan ko na ito ay isang mahusay na paraan upang ipahayag ang aking sarili, ang aking hindi nasabi na mga damdamin at isang mahusay na paraan upang ipakita ang aking kaalaman at pag-unawa sa ibinigay na paksa.
P5.Ang aking karanasan sa pagsulat ng sanaysay ay napakasaya na nakakasira ng isip at napaka-challenging at ito ay isang magandang karanasan upang ang utak at mga isipan natin ay sanayin at ito ay makakuha ng mas maraming kaalaman at impormasyon at ang mahalagang bagay na natutunan ko mula sa karanasang ito ay ang pagsusulit.
P6. Sa aking karanasan, minsan ay nakakakuha ako ng mga maling grammar ng aking sanaysay at natutunan ko na kapag ginagawa ang aking sanaysay, kailangan kong suriin o suriin ang anumang mga pagkakamali bago ipasa.
P7.Ang aking mga karanasan sa pagsulat ng sanaysay ay sa prosesong puno ng pagkatuto at paglago. Ang pinakamahalagan na bagay ko na natutunana mula sa karanasang ito ay kahalagahan ng malalim sa pag-unawa sa paksa at kakayahang ipahayag ito sa pamamagitan ng mahusay na pagkasulat.
P8.

P9.Ito ay mahirap lalo na at hindi ako masyadong maalam sa lingguwahing pilipino at ang mahalagang bagay na natutunan ko ay mahalaga ang pag-aaral sa salitang pilipino.
P10. Sa pamamagitan ng aking mga karanasan ay mas marami akoang mailagay sa pagbuo ko ng isang sanaysay.
P11. Sa pamamagitan ng aking mga nararanasan ay pwede ko itong masali sa pagbuo ko ng sanaysay.
P12. Nahihirapan ako sa pagbuo ng isang sanaysay lalo na at hindi gaano malawak ang aking bokabularyo sa Filipino.

9. **Ano ang iyong mga rekomendasyon para sa mga mag-aaral na nagnanais na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay?**

P1. Ang mga rekomendasyon ko para sa mga mag-aaral ay magbasa nang malawak upang maunawaan ang iba't ibang estilo, estruktura at paksa. Sumunod naman ay magsanay nang regular. magsulat nang madalas upang mapraktis ang iyong kasanayan. Magplano bago magsulat. Gumawa ng putline o balangkas bago magsimula sa pagsulat ng sanaysay. Maghanap ng feedback: Humingi ng puna mula sa mga guro, kaibigan o pamilya upang matanggap mo ang konstruktibong kritisismo at maaari mong mapabuti ang iyong mga kasanayan sa pagsulat.
P2. Magsanay sa paggawa ng sanaysay at maging malawak ang pag-iisip.
P4. Huwag ipressure ang iyong sarili, palaging magpahinga at ayusin ang iyong mga ideya. Huwag isip kung ang iyong sanaysay ay hindi magiging perpekto o kung hindi maganda, isulat mo lang kung ano ang nasa iyong isipan.
P6. Inirerekomenda ko ang mga mag-aaral na palaging suriiin ang kanilang mga grammar ng kanilang sanaysay at matutunan na kapag gumagawa ng sanaysay, palaging suriin o suriin ang anumang mga pagkakamali bago ipasa.
P7. Dapat maglaan ng oras para sa pananaliksik, intindihin ng mabuti ang teksto, pagpraktis sa pagsulat ng sanaysay, tanggapin ang feedback ng mga tao, at pagsusuri at pagsasaayos.
P8. Ang maerekomenda ko ay pag-iisip ng maayos kung ano ang ilalagay mo sa iyong sanaysay.
P9. Ang rekomendasyon ko sa kanila ay magsulat sila ng sanaysay hanggang sila ay masanay sa pagsulat nito.
P10. Ang rekomendasyon ko ay kinakailangan na habang mga bata pa tayo ang marunong na tayong kilatisin ang mga magagandang imahinasyon at saloobin sa buhay upang maibahagi natin ito sa iba.
P11. Ang rekomendasyon ko ay kailangan na paghusayan pa natin bilang isang mag-aaral sa paggawa ng sanaysay upang mas malawak pa ang ating kaisipan sa susunod na pagbuo natin nito.
P12. Ang rekomindasyon ko sa pagbuo ng isang sanaysay ay pag-igihan pa ng mabuti ang pag-aaral at paggawa ng isang sanaysay upang mas malawak pa ating mga kaalaman nito.

10. **Sa iyong palagay, kung mayroon mang pagbabago o karagdagang hakbang na dapat isama sa proseso ng pagsulat ng sanaysay, ano ito at bakit?**

P1. Ito ay pagpaplano o outlining bago simulan ang aktual na pag-sulat. sa pamamagitan nang pagpaplano, maaari mong maayos na iorganisa ang iyong mga ideya at argumento bago ka magsimula sa pagsusulat.
P2. Pagsa alang-alang ng mga impormasyon madaling makuha upang sa pagbuo ko sa isang sanaysay ay hindi na ako maghihirap pa.
P4. Ito ang paraan ng pagsulat at mga salitang ginagamit, dahil bago ako gumamit ng simple at karaniwang mga salita upang punan ang aking sanaysay ay gumagamit ako ng mga salita na paulit-ulit. ngunit dahil natutunan ko ang ilang mga salita ay nagawa kong baguhin iyon.

P5. Sa palagay ko ang mga pagbabago o mga karagdagang hakbang na kailangan nasa proseso ng pagsulat ng sanaysay ay wala.
P6. Sa aking opinyon kung mayroon mang hakbang sa mga bagong proseso sa pagsulat ng sanaysay ito ay suriin ang mga gramatika bago isulat ang panghuling output.
P7. Masusing pagplano at pagbalangkas bago magsimula sa pagsulat. Binibigyang daan nito ayusin ang aking ideya at argumento bago isalin ang mga ito sa teksto, na nagpapahayag ng mga konsepto nang mas epektibo.
P8. Ito ay paglalagay ng tamang mga salita.
P9. Dapat isama sa proseso ang pag-eenjoy upang mapalago o mabigyan ng lalong malalim na kahulugan ang iyong sinusulat na sanaysay.
P10. Depende at nasaiyo lang kung ano pa ang idadag mo kung paano ka bumuo ng isang sanaysay.
P12. Ang karagdagang hakbang na isama ko sa proseso ay ang pagbibigay ng oras at pagpaplano sa paggawa nito upang mas matuunan pa ang paggawa nito at mas mabigyan tayo ng malawakang pag-aaral tungkol nito.

**11. Mayroon ka bang iba pang mga karanasan o obserbasyon na nais mong idagdag sa aming pa-aaral tungkol sa karanasa sa pagsulat ng sanaysay?**

P1. Isa pang mahalagang karanasan sa pagsulat ng sanaysay ay ang pag-unlad ng kakayahang mabigyan ng empatiya at pag-unawa sa iba't ibang pananaw. sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay, tayo ang hinamon na suriin at unawain ang mga iba't- ibang perkspektibo at karanasan ng mga tao sa iba't ibang isyu.
P2. Kinakailangan ko pang makipaghalubilo sa ibang tao para makuha lang ang impormasyong hinahangad ko.
P3. Wala
P4. Ang pagsulat ng mahusay na sanaysay ay napakaimposible para sa akin.
P5. Wala na po.
P6. Wala na po.
P7. Estilo, reaksyon, kakayahan, kaalaman, pag-unlad. Iyan ang mga nais kung idagdag.
P8. Wala na
P9. Wala na akong nais idagdag.
P10. Wala na
P11. Siguro po ang maidadagdag ko ay mabigyang toun ang pagsulat ng isang sanaysay upang mas malawak pa ang kaalaman at ating bokabularyo.
P12. Wala na po.

**Closing Question**

**1. Ano ang iyong mga nagiging hakbang sa pagpapabuti ng iyong kasanayan at karanasan sa pagsulat ng isang sanaysay?**

P1. Bilang isang estudyante, mayroon akong mga hakbang na sinusunod upang mapabuti ang aking kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Pag-aaral ng mga modelo, regular na pagsasanay, pakikinig sa feedback na ito, patuloy kong pinabuti ang aking kasanayan at karanasan sa pagsulat ng sanaysay bilang isang estudyante.
P2. Pagsunod sa mga hakbang sa paggawa ng sanaysay gaya ng pagpili ng paksa, pagsulat ng mga tanong at pagsulat ng solusyon.
P4. Nahihirapan ako kung paano bumou ng isang sanaysay na nasa aking isipan.

P5. Ang hakbang sa pagpapabuti ng aking mga kasanayan at karanasan sa pagsulat ng isang sanaysay ay nakatuon sa aking sarili sa pagiging mahinahon at dapat mong malaman ang mga tamang impormasyon sa mga tanong.
P6. Ang mga hakbang na maging mabuti ang aking sanaysay ay kung kailan ko suriin ang aking gramatika.
P7. Unang hakbang, regular na praktis sa pagsulat ng sanaysay, 2- pananaliksik, 3- pagsusuri at pag-aayos, 4- Pagtanggap ng feedback, 5- pag-aaral ng iba't-ibang estilo. Iyan ang hakbang ko para sa pagpapabuti ng aking kasanayan at karanasan sa pagsulat ng sanaysay
P9. Ang aking naging hakbang ay paglawak sa aking kaalaman at pagsulat ng sanaysay hanggang mapabuti ang pagsulat nito.
P10. Isa sa mga hakbang ko ay ang  para mapabuti ang aking pagsulat ng sanaysay ay mas napalawak pa ang aking kaisipa
P12. Ang mga naging hakbang ko ay ang pagpapabuti sa pagsulat ng isang sanaysay at isa alang-alang ang mga bagay na magbibigiyang diin ang isang paksa.

**2. Ano ang iyong mapapayo sa mga mag-aaral na nahihirapan sumulat ng sanaysay sa Filipino?**

P1. Ang maipapayo ko po sa kanila ay huwag lang po mawalan nang pag-asa, "Gawin mo lang ang lahat na makakaya mo at ipaubaya sa diyos ang lahat". yan ang palagi kong pinaniniwalaan. Dapat meron po tayong kamalayan sa wikang Filipino dahil Filipino po ang ating pangunahing wika sa ating bansa, dapat po marunong na po tayo sumulat man o magsalita ng wikang Filipino. Maglaan ka lang ng oras at sa huli matututo ka rin.
P2. Na ang lahat ng bagay ay mahirap at ang kailangan lang ninyong gawin ay maging malawak ang pag-iisip upang madali ninyong masolusyonan ang problemang hinaharap.
P4. Na huwag sumuko sa kabila ng hirap na kanilang nararanasan, kung nahihirapan sila sa Filipino katulad ko hindi sila dapat mag-alala dahil laging may sapat na oras upang matutunan ito at mag sulat ng isang kamangha-manghang sanaysay.
P5. Ang mapapayo ko sa mga mag-aaral na nahihirapan sumulat ng sanaysay sa Filipino ay okay lang na mahirapan kayo sa wikang filipino dahil isa ako diyan, pero kailangan parin natin matutunan ang wikang Filipino para makagawa ng sanaysay.
P6. Ang aking mapapayo sa mga estudyanteay huwag ma stress at kailangan focus sa mga paksa at sumulat ng isang sanaysay na mas mauunawaan.
P7. Dapat marunong ka na maglaan ng oras para sa pagsulat, pagsaliksik, pag-ayos, pagtanggap ng feedback sa iyong sanayasay.
P9. Ang mapapayo ko sa kanila ay magsanay sila sa paggamit ng salitang Filipino  upang mapabuti ang pagsulat nila nito.
P10. Ang maipapayo ko sa kanila ay pagbutihin at kailangan na magsanay tayo sa pagbuo ng sanaysay dahil parte na ito sa ating buhay ay para naman maibahagi pa natin ang ating kaalaman at kaisipan.
P11. Ang maipapayo ko sa mga mag-aaral na nahihirapan din sa pagsulat ng sanaysay ay wag limithan ang iyong pag-iisip or kung saan lang ang kaya mo, kailangan pagsikapan pa ng mabuti upang mas humasa sa pagsulat ng sanaysay.
P12. Ang maipapayo ko sa kanila ay pagsikapan at pag-aralan pa nila ng mabuti ang pagbuo ng isang sanaysay upang mas ipamalas pa ang kanilang mga kakayahan at wag mahiya o matakot mag kamali dahil dito tayo natututo, gawin natin tong gabay sa ating para sa ating tagumpay.

**TALASANGGUNIAN**

1. Abrar, Mukhlash & Mukminin, Amirul & Fitriani, Nur & Failasofah, Failasofah & Fajaryani, Nunung & Hadiyanto, Hadiyanto & ABDUL RAZAK, RAFIZA & Mulyono, Herri & Ningsih, Sri Kusuma. (2022). Examining the Cultural Adjustment Experiences of International Students in Writing Dissertations in a UK Campus. The Qualitative Report. 10.46743/2160-3715/2023.4793. (PDF) Examining the Cultural Adjustment Experiences of International Students in Writing Dissertations in a UK Campus
2. Aler, R. A. D., & Palomo, A. M. (2024). WIKARUNUNGAN: ISANG ALTERNATIBONG KAGAMITAN SA PAGPAPAYABONG NG WIKANG FILIPINO GAMIT ANG OBRA MAESTRANG NOLI ME TANGERE. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(5), 872-894.
3. Altun, Mustafa. (2023). The Power of Language: Exploring its Significance in Shaping Perceptions, Beliefs, and Relationships. International Journal of Social Sciences and Educational Studies. 10. 362-366. 10.23918/ijsses.v10i3p362. (PDF) The Power of Language: Exploring its Significance in Shaping Perceptions, Beliefs, and Relationships
4. Aquilon, K. (2020). Pagkalimot ng Kabataan Sa Wikang Filipino. https://www.tumblr.com/kanoaaki/628658762081779712/pagkalimot-ng-kabataan-sa-ikangfilipino?fbclid=IwAR1oCC1siXk_ZfwizjvZaOeGgZg4S3YUVYOdlfO8LtoXJKe02HbjZAN3SgQ
5. Balallo, Cecilia & Aragon, Jhoana Marie. (2023). ANTAS SA KAHUSAYAN AT HAMON SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA WIKANG FILIPINO. American Research Journal of Humanities and Social Sciences. 06. 57-61. (PDF) ANTAS SA KAHUSAYAN AT HAMON SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA WIKANG FILIPINO
6. Balderian, A. L., & Delopere, B. S. (2024). HAMON NG MGA GURO SA PAGGAMIT NG PHILIPPINE INFORMAL READING INVENTORY SA FILIPINO. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(5), 2437-2467.
7. Barlaan, J. P., & Javier, C. L. (2020). Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Senior High School Gamit ang Teknolohiya. *PSU Multidisciplinary Research Journal*, *3*(1). https://www.psurj.org/online/index.php/mrj/article/view/138
8. Castillo, M. A., & Hernandez, A. A. (2024). Catch-Up Fridays: Pagpapaunlad ng Lebel ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagbasa ng mga Akdang Pampanitikan sa Filipino. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation*, *2*(2), 286-296. https://hcommons.org/deposits/item/hc:67259/
9. Cavinta, E. M. P. (2021). Wika at Lingguwistikang Filipino: Paglalahad ng Isang Guro. https://www.researchgate.net/profile/Elaine-Myla-Cavinta/publication/353605134_Wika_at_Lingguwistikang_Filipino_Paglalahad_ng_Isang_Guro/links/610551471e95fe241a9e47b2/Wika-at-Lingguwistikang-Filipino-Paglalahad-ng-Isang-Guro.pdf
10. Cui, Y., Thrash, T. M., Shkeyrov, R., & Varga, P. J. (2020). Inspiration in the creative process. *Encyclopedia of creativity*, *1*(3), 660-666 https://www.researchgate.net/profile/Todd-Thrash/publication/341609594_Inspiration_in_the_creative_process/links/5eca964e299bf1c09adcca7d/Inspiration-in-the-creative-process.pdf
11. De Chavez, A., & Metrillo, A. (2018). Paggamit Ng Wikang Filipino Ng Mga Mag-Aaral sa paaralan https://www.academia.edu/40167448/PAGGAMIT_NG_WIKANG_FILIPINO_NG_MGA_MAG_A

ARALSA_PAARALAN_Batangas_Country_Club?fbclid=IwZXh0bgNhZW0CMTEAAR3sbWNQ9jy1CU9ay1zbXO5QWckBpZRhvKtiUf5vEOJnBSsjGzwXh1BGyMw_aem_SKs2IP04iBpQ2lFpcjdQdQ

12. Dela Cruz, J. (2016). *Kritikal na Pag-iisip sa Pagsulat ng Sanaysay*. *Journal of Language Studies*, 23(3), 98-112
13. Hernandez, J. R. B. (2022). Si Jose Rizal sa Kamalayan ng mga Kilusang Bayan. Journal of New Era University Center for Philippine Studies, 1(1), 85-97.
14. Kurniawan, Ardiyarso & Listyani, Listyani. (2021). Students Lived Experiences in Academic Writing AESP Vol 17, issue 7.2. 17. 42-59. (PDF) Students Lived Experiences in Academic Writing AESP Vol 17, issue 7.2
15. Literatus, J., & Orobia, J. A. EDUWIKA: ISANG PAGSUSURI SA NETSPEAK TUNGO SA AKADEMIKONG PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO.
16. Madrigal, E. (2019). Pagsulat ng Kuwento 101 (at iba pang mabuting balita). Psicom Publishing Inc. EDUWIKA-ISANG-PAGSUSURI-SA-NETSPEAK-TUNGO-SA-AKADEMIKONG-PAGGANAP-NG-MGA-MAG-AARAL-SA-FILIPINO.pdf
17. May, A. (2021). *Tradition in Creative Writing: Finding Inspiration Through Your Roots*. Springer Nature. https://link.springer.com/book/10.1007/978-3-030-74776-3
18. Mendoza, L. (2015). *Ang Kahalagahan ng Regular na Pagsasanay sa Pagsulat*. *Journal of Filipino Education*, 12(2), 34-45.
19. Mejia, M. (2024). Metawriting: Empowering Students to Discover Their Knowledge of Writing. *Journal of Pedagogical Research*, *8*(1), 83-105. ERIC - EJ1417823 - Metawriting: Empowering Students to Discover Their Knowledge of Writing, ournal of Pedagogical Research, 2024
20. Navarro, A. M., Petras, J. D., & Ujano-Batangan, M. T. (2013). KASAYSAYAN, LIPUNAN, AT SIKOLOHIYANG PILIPINO
21. Ranque, K. M. I., Liwanan, R. B., Nieva, L. J. D. S., & Bernal, A. I. S. (2024) Students' Proficiency in Using Filipino Language in Academic Communication. Students' Proficiency in Using Filipino Language... - Google Scholar
22. Reyes, M. (2019). *Komunikasyon at Pagsulat: Isang Pagsusuri*. *Filipino Communication Journal*, 29(2), 45-59.
23. Saldaga, G. (2023, January 30). Why is it so hard for my child to learn Filipino? — The Learning Library. The Learning Library. The Learning Library learning-center/why-is%20it-so-hard-for-my-child-to-learn-filipino?format=amp
24. Santos, R. (2017). *Pagpapalawak ng Imahinasyon sa Pamamagitan ng Pagsulat*. *Educational Review*, 18(1), 67-80.
25. Saul, A. J. G., Capiz, J. R. D., & Milan, K. C. (2020). Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilinang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. *Asia Pacific Higher Education Research Journal (APHERJ)*, *7*(1) https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/apherj/article/view/1547
26. Serrano, D. (2022). E-Games: Salitalino sa Pagpapalawak ng Bokabularyo sa Filipino. *International Journal of Research Publications*, *527*. file:///C:/Users/acer/Documents/Downloads/100102162022 3288.pdf

27. Tana, N. R (2021) Factors influencing the level of Filipino language proficiency among secondary students https://visnav.in/ijabs/article/factors-influencing-the-level-of-filipino-language-proficiency-among-secondary-students/
28. Trinidad, A. D. (2023). MAY PUWANG KA PA BA?: PAGGALUGAD SA SALOOBIN HINGGIL SA PAGGAMIT NG FILIPINO SA MGA PILING ASIGNATURA NG GEC (GENERAL EDUCATION CURICULUM) https://philpapers.org/rec/TRIMPK-2
29. Zamora, N. C. L. (2021) Pedagohikal Na Gramar Ng Sinugbuanong Binisaya: Balangkas Ng Mga Gawaing Komunikatibo Sa Pagtuturo-Pagkatuto Ng Filipino https://www.imjst.org/wp-content/uploads/2021/04/IMJSTP29120476.pdf